Gabay Kaugnay ng COVID-19 para sa Mga Magulang ng Mga Batang Pumapasok sa Paaralan at/o Childcare (COVID-19 Guidance for Parents of Children Attending School and/or Childcare)

Kung mayroon ang iyong anak ng isa o higit pa sa mga sintomas na ito ng COVID-19 na kakasimula lang, lumalala, o hindi nauugnay sa iba pang kilalang dahilan: Panginginig • Pananakit ng lalamunan o masakit na paglunok • Tumutulong sipon o baradong ilong • Masama ang pakiramdam o pagkaramdam ng pagkapagod • Pagduruwal o pagsusuka, o pagtatae • Hindi maipaliwanag na kawalan ng ganang kumain • Mga pananakit ng kalamnan o kasukasuan • Sakit ng ulo • Conjunctivitis (pink eye)

Tandaan: Ituturing na bahagi ng baseline na status ng kalusugan ng bata ang mga hindi gumagaling na sintomas na maaaring ipaliwanag ng dati nang medikal na kundisyon (hal. mga allergy). Hangga't hindi nagbabago ang mga sintomas na ito, maaaring magpatuloy sa pagpasok sa paaralan/ childcare ang bata. Dapat magkaroon ng isang negatibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ang isang bata para maitakda ang baseline na ito.

Gabay (Guidance)

Hindi dapat pumasok sa paaralan / childcare ang iyong anak kung masama ang kanyang pakiramdam

Mayroong dalawa o higit pang grupo ng sintomas ang iyong anak (nakalista sa itaas)

Mayroong isang grupo ng sintomas ang iyong anak (nakalista sa itaas)
Maghintay at manatili sa bahay sa loob ng 24 na Oras

Pagkalipas ng 24 na oras, nagkaroon ba ng mga karagdagang sintomas mula sa iba pang grupo ang iyong anak?

Oo

Hindi

Bumuti ba ang sintomas ng iyong anak sa nakalipas na 24 na oras?

Hindi

Oo

Inirerekomenda ang pagsusuri para sa COVID-19

Pagsusuri (Testing)

Tandaan: Kung bubuti ang pakiramdam ng iyong anak habang hinihintay niyang matanggap ang resulta ng kanyang pagsusuri, maaari siyang bumalik sa paaralan, basta't hindi siya close contact ng isang taong nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19.

Magpasya kung magpapasuri ang iyong anak para sa COVID-19

Oo

Hindi

O

Gawin:

Mag-book ng pagsusuri para sa COVID-19 para sa iyong anak

- **Online:** ahs.ca/covid
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Health Link sa 811

Subukang mag-book ng pagsusuri sa loob ng 24 na oras magmula noong magkaroon ng mga sintomas ang iyong anak

Bago mo makuha ang resulta ng pagsusuri sa iyong anak

Gawin: **Samahan ang iyong anak na magpasuri para sa COVID-19**

Resulta ng Pagsusuri (Test Result)

Gawin:

Kunin ang resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ng iyong anak

Maaaring umabot nang 1 hanggang 3 araw bago makuha ang resulta ng pagsusuri sa iyong anak

- Makikipag-ugnayan ang AHS sa lahat ng indibidwal na positibo ang resulta para sa COVID-19
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ng iyong anak, pumunta sa ahs.ca/results

Positibong Resulta ng Pagsusuri

Negatibong Resulta ng Pagsusuri

Nasabihan ka ba ng AHS na ang iyong anak ay isang close contact ng isang taong nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19?

Mga Susunod na Hakbang (Next Steps)

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-isolate sa loob ng hindi bababa sa **10 araw mula noong magkaroon siya ng mga sintomas**.

Bisitahin ang ahs.ca/isolation para sa higit pang impormasyon.

Dapat manatili sa bahay at mag-quarantine ang mga miyembro ng sambahayan sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang huling pagkakalantad sa bata.

Nasabihan ka ba ng AHS na ang iyong anak ay isang close contact ng isang taong nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19?

Hindi

Oo

Oo

Hindi

Ano ang dapat gawin

Maaaring pumasok ang iyong anak sa paaralan / childcare at pumunta sa iba pang pampublikong lugar kapag:

- gumaling na ang (mga) sintomas AT
- 24 na oras na ang lumipas mula noong magkaroon siya ng (mga) sintomas.

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-quarantine sa loob ng **14 na araw mula sa kanyang huling pagkakalantad sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19**.

Kung hindi mawawala ang mga sintomas ng iyong anak pagkalipas ng 14 na araw na ito, dapat siyang manatili sa bahay at hindi siya dapat pumunta sa paaralan, childcare at iba pang pampublikong lugar hanggang sa bumuti ang kanyang pakiramdam.

Hindi kinakailangang mag-quarantine ng mga miyembro ng sambahayan basta't sila ay asymptomatic.

Ano ang dapat gawin

Maaaring pumasok ang iyong anak sa paaralan / childcare at pumunta sa iba pang pampublikong lugar kapag:

- mabuti na ang kanyang pakiramdam AT
- 24 na oras na ang lumipas mula noong magkaroon siya ng sintomas.

Alberta Health Services

Petsa kung kailan huling binago: Enero 6, 2021